**PAUNAWA UKOL SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG**

**Pinagsama-samang Plano sa Balangkas ng Taon ng Pananalapi (Fiscal Year o FY) 2023-2027 at Taunang Plano ng Aksyon sa Balangkas ng Taon ng Pananalapi 2023-2024**

Ang Pinagsama-samang Plano ay isang dokumento ng istretehikong pagpaplano na nagsisilbing batayan para sa pag-uusap ng buong komunidad upang matukoy ang mga prayoridad na nakahanay at nakatuon sa pagpopondo mula sa mga programa ng formula block grant ng Kagawaran ng Pabahay at Pangkalunsurang Pagpapaunlad ng Estados Unidos (U.S. Department of Housing and Urban Development o HUD) at (Kagawaran ng Komunidad at Pagpaplano (Community and Planning Department o CPD): Block Grant para sa Pagpapaunlad ng Komunidad (Community Development Block Grant o CDBG), Programa sa mga Pakikipagtulungan sa Pamumuhunan sa Tahanan (Home Investment Partnerships Program o HOME), at Programa sa Paggawad ng Solusyong Pang-emerhensiya (Emergency Solutions Grant program o ESG). Isinasagawa ang Pinagsama-samang Plano sa pamamagitan ng Taunang Plano ng Aksyon, na nagbubuod sa mga kilos, gawain, at mapagkukunang gagamitin sa susunod na taon para matugunan ang prayoridad na mga pangangailangan at tiyak na mga layuning natukoy sa Pinagsama-samang Plano.

Ang mga draft na plano ay magiging available para sa pampublikong komento mula Marso 27, 2023, hanggang Abril 27, 2023. Ang feedback mula sa mga stakeholder at pangkalahatang publiko ay makakatulong sa County na pinuhin ang draft na mga plano bago isumite sa HUD sa kalagitnaan ng Mayo. Ang Kagawaran ng Pabahay ay magkakaroon ng mga draft na plano para sa pampublikong inspeksyon bago ito isumite. Ang mga miyembro ng publiko ay iniimbitahan na suriin ang draft na mga plano sa mga oras na 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Marso 27, 2023 hanggang Abril 27, 2023, sa Department of Housing, 264 Harbour Blvd #A, Belmont CA 94002.

Simula sa Marso 27, mahahanap din ng mga miyembro ng publiko ang draft ng FY2023-27 Consolidated Plan at FY 2023-24 Annual Action Plan online upang suriin sa https://www.smcgov.org/housing/san-mateo-county-consolidated-plan. Maaaring ipadala ang mga nakasulat na komento sa Root Policy Research, 6740 E Colfax Avenue, Denver, CO 80220 o sa pamamagitan ng email sa frankie@rootpolicy.com.

Gaganapin ang Pampublikong Pagdinig sa Abril 25, 2023 9:30 sa pulong ng Lupon ng mga Superbisor. Maaaring lumahok nang personal o virtual ang mga miyembro ng publiko. Gaganapin ang pagpupulong sa:

San Mateo County Government Center
400 County Center
Redwood City, CA 94063

Ang mga detalye sa paglahok sa virtual na pagpupulong ay magiging available sa Biyernes, ika-21 ng Abril sa https://www.smcgov.org/bos/meeting/april-25-2023-board-supervisors-regular-meeting.

Kung kailangan ng makatwirang mga serbisyo sa akomodasyon o pagsasaling-wika, kabilang ang American Sign Language, para makilahok sa pampublikong pagdinig, mangyaring makipag-ugnayan kay Frankie Lewington sa frankie@rootpolicy.com o 970-880-1415 x104.